THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 Oplan Happy Tiyan, isinagawa!

VOLUME I No. 37 July 25, 2022 - July 31, 2022

# PINASLAKAS Vaccine Campaign inilunsad sa Lalawigan!






Ang PINASLAKAS ay isa sa mga bagong pangunahing programa ni President Ferdinand "Bongbong" Marcos, Jr. na naglalayong mas paigtingin at palakasin ang kampanya hinggil sa pagpapabakuna ng mga mamamayan sa loob 100 araw ng kaniyang panunungkulan bilang presidente, partikular ang pagkakaroon ng booster shots kontra Covid-19. Hango ang naturang programa na "Resbakuna" ng nakaraang administrasyon.

Ayon sa datos, 77.68% ng populasyon ng mga senior citizens sa bansa ang fully vaccinated, sa pamamagitan ng naturang programa, naglalayon itong paabutin sa target na 90% dahil na rin sa isa sila sa mga pinaka apektado ng pandemyang Covid-19. Isa rin sa mga hangarin ng naturang programa ay ang pagpapataas ng porsyento ng mga mamamayang nabakunahan ng mga booster shots. Ayon sa pag-aaral, nasa 19.48 percent pa lamang ng kabuong target na populasyon ang nababakunahan ng mga booster shots. Sa pamamagitan ng programa, layon na itaas ito sa 50%.

Sinimulan ang naturang programa sa pamamagitan ng isang motorcade mula City Hall at nagtapos sa Nuciti Mall, Calapan City. Dinaluhan ang naturang programa ng ilan sa mga namumuno sa sektor ng kalusugan sa lalawigan sa pangunguna ni OIC-Provincial Health Office Dr. Cielo Angela Ante. Dumalo rin sa naturang gawain sina Vice Governor Ejay Falcon, kinatawan ni Governor Bonz Dolor, Provincial Administrator Dr. Hubbert Christopher Dolor, Calapan City Mayor Marilou "Malou" Morillo, Dr. Rosalyn Sebastian ng Oriental Mindoro Medical Society (OMMS), DOH Medical Officer IV Dr. Mathew Medrano at DMO V- Provincial DOH Officer Dr. Eunice Ilagan at iba pang mga konsernadong indibidwal ng iba't-ibang ahensiya at mga stakeholders.

Nagtapos ang programa sa pamamagitan ng Commitment Ceremony bilang pagpapatibay ng resolusyon ng bawat konsernadong mga indibidwal at mga ahensiya na mas palakasin pa ang kampanya kontra Covid-19. Gayundin, nagkaroon ng Ceremonial Vaccination na pinangunahan nina Dr. Ante, PA Dolor, Dr. Medrano, Dr. Sebastian at Dr. Ilagan.

Inaasahan naman na sa mga susunod pang araw ay mas palalawigin pa ng DOH ang pagkakaroon ng mga vaccination sites sa iba't-ibang mga pampublikong lugar, upang mas mapabilis ang pagkakaroon ng "wall of immunity" (PIO Oriental Mindoro).





*TINGNAN: Mas pinaigting at pinalakas na kampanya ng pagbabakuna sa mga mamamayan ng bansa, lalung-lalo na sa lalawigan, dito sumentro ang mensahe ng gawain ngayong araw na "PINASLAKAS" sa pangunguna ng Department of Health (DOH).*

THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM



# *Tita petMalou and her Chikitings!*


***Mayor Flores-Morillo nagdiwang ng Nutrition Month kasama ang nga kabataan! Ayon kay Mayor Flores-Morillo, "Na-miss ko ang mga chikitings na number 1 supporter ko! Ang sarap ninyong kasama! Tita petMALOU loves all of you".***










For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361





# *Oplan Happy Tiyan, isinagawa!*

*Kaugnay ng pagdiriwang ng Nutrition Month na may temang "New Normal na Nutrisyon, sama-samang Gawan ng Solusyon", isinagawa ang OPLAN HAPPY TIYAN sa Bayanan I Elementary School, noong ika-14 ng Hulyo.*

*Sa pagdalo ni City Mayor Malou Flores-Morillo at Vice Bim Ignaciosa nasabing aktibidad, binigyang diin ni Mayor Morillo ang kahalagahan ng pagkakaroon ng sapat at tamang nutrisyon para sa lahat. Aniya, layon ng lideratong petMalou ang makapaghatid sa taumbayan ng tapat at mapagkalingang paglilingkod.*

*Pinangunahan ni City Mayor Malou at Vice Bim ang provision of hot meals, gayundin ang deworming sa mga batang dumalo na may edad lima (5) pataas (City Information Office).*





THE TAMARAO JOURNAL
VOLUME I No. 37 July 25, 2022 - July 31, 2022

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *Certificate of Ancestral Domain Title (CADT), Ipinakaloob sa mga katutubo ng lalawigan!*










"KARANGALAN ko at buong kapakumbabaang iniaabot sa inyo ang katibayan ng mahabang panahon ng pakikibaka ng ating mga kapatid na katutubo na magkaroon ng titulo ang kanilang lupaing ninuno. Ngayong hapon, tanggapin ninyo ito. Gamitin ninyo ito ng naayon sa batas at hangad namin na maging maayos ang inyong pamumuhay, huwag nyo itong sasayangin. At higit sa lahat pagyamanin natin ang lupaing ninuno."

Ito ang tagubilin ni Governor Bonz Dolor matapos niyang personal na ipagkaloob sa mga lider ng mga tribong Tadyawan at Taubuid ang Certificate of Ancestral Domain Title (CADT RO4-PIN-0706-047) sa isinagawang awarding nito sa bayan ng Pinamalayan, kamakailan.

Kabilang sa mga naging katuwang ni Gov. Bonz sa gawaing ito sina Vice Governor Ejay Falcon, IPMR Bokal Ahop Agate, Pinamalayan Mayor Aries Baldos, Secretary Allen A. Capuyan ng National Commission for Indigenous People (NCIP), Commissioner Jorge Largado, NCIP Regional Director Marie Grace Pascua, Mangyan Mission, Philippine Army, Philippine National Police, DSWD at mga kinatawan ng ilan pang konsernadong ahensiya.

"Hindi lamang ito titulo, kundi simbolo ng pagkilala at pagpapahalaga ng kasalukuyang pamahalaan sa lupaing ninuno na nararapat lamang ay nasa sa inyo," dagdag pa ng Gobernador (PIO Oriental Mindoro).

# *University of Batangas planong magtayo ng campus sa lalawigan ng Oriental Mindoro!*

TINGNAN: Nag courtesy call Kay Governor Humerlito"Bonz" Dolor ang mga opisyal ng University of Batangas (UB) sa pangunguna ni President Hernando Perez noong Hulyo 19.

Ayon kay Perez, nais nilang tumulong sa pag-unlad ng Oriental Mindoro sa pamamagitan ng pagtatayo ng full campus ng UB sa lalawigan. Dahil dito, humihingi sila ng buong suporta ng Gobernador sa kanilang adhikain.

Bilang isa ring educator, lubos ang naging pagtanggap ni Gob. Bonz sa panukalang ito ng UB. "Napakagandang oportunidad nito sa lalawigan at malaki ang maitutulong hindi lamang sa mga kabataang estudyante ng Oriental Mindoro kundi pati na sa mga kabataang ng rehiyong MIMAROPA", dagdag ng Gobernador (PIO Oriental Mindoro).

